JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalamputon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 - Modyul 6:

## Disiplina sa Pagtatapon ng Basura:

## Isang Pandaigdigang Panawagan



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________



# Alamin

Isang malugod na pagbati at nakaabot ka sa araling ito!

Malinis ba ang iyong paligid o puro basura ang makikita kung saan-saan? May mga tapunan ba ng basura kayong nakikita sa paligid? Ano ang mga markang nakasulat sa mga ito? Gaano ba kahalaga ang paghihiwalay-hiwalay o segregasyon ng basura sa ating pamayanan? Ginagawa rin kaya ito kahit sa ibang parte ng daigdig?

Sa modyul na ito,matutuhan mong makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran saan man sa pamamagitan segregasyon o pagtapon ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok sa tamang lagayan.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol ditto.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:

Nakatutulong sa pagnanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran saanman sa pamamagitan ng:

a. segregasyon o pagtapon ng ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok sa tamang lagayan EsP4PPP-IIIg-i-22

**Modyul 6**

# Disiplina sa Pagtatapon ng Basura: Isang Pandaigdigang Panawagan



## Balikan

Basahin ang bawat aytem. Piliin sa tatlong hanay sa pamamagitan ng paglalagay ng tesk (/) kung ano ang iyong sagot at isulat ang dahilan.Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

| Aksiyon | Hindi Ko Ginagawa/ Dahilan | Paminsan-minsan Kong Ginagawa/dahilan | Palagi Kong Ginagawa/Dahilan |
|---|---|---|---|
| 1. Nagtatapon ako ng basura sa bintana ng saskayan. | | | |
| 2. Basta ko nalang inihuhulog sa ilalim ng upuan ang aking mga kalat sa aming silid-aralan. | | | |
| 3. Natutuwa ako sa mga samahang nagtataguyod sa pangangalaga sa kapaligiran. | | | |
| 4. Dumudura ako kahit saang lugar. | | | |
| 5. Umiihi ako kung saan-saan kapag walang nakakakita. | | | |



# Tuklasin

Sa bahaging ito, mapag-aralan mo ang kahalagahan ng pagtulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran saanman.


Basahin ang tula na naglalayong maipakita ang kondisyon sa kapaligiran na epekto ng maling paraan ng pagtatapon ng basura at pagnilayan ang nilalaman nito.

Sa ating kapaligiran inyong maoobserbahan
Tambak o bundok ng basura makikita kaliwa't kanan
Sama-sama ang mga bote, plastic, at papel na pinaggamitan
Metal, goma, steel, at mga nabubulok na pagkaing pinagtirhan.

May mga taong tila walang pakialam
Kahit marumi ang paligid, sa kanila ay ayos lang
Tapon ditto, tapon doon, kalat ditto di napapaaram
Duloy ay pagkasira sa kawawang kapaligiran.

Bilang tagapagtaguyod ng kalinisan at kaayusan
Nabubulok at hindi nabubulok segregasyon dapat isagawa
Ipakita mong ikaw sa disiplina nananahan
Upang maging modelo bawat isa'y masisiyahan.

Halika na, aking kapatid, kamag-aral, at kaibigan
Ikampanya natin, segregasyon ay ipaglaban
Kahalagahan nito'y ipaunawa't iparamdam
Upang ang lahat ay mahimok at maglingkuran.




Pagkatapos basahin ang tula,sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Itala ang karaniwang nakikita sa kapaligiran na nabanggit sa tula. Ganito rin ba ang sitwasyon sa inyong pamayanan?

2. Bakit kailngang paghiwalay-hiwalayin o i-segregate ang mga basura na makikita sa tahanan,paaralan,pamayanan o maging sa bansa?

3. Ano ang sumasalamin sa isang bayan o bansa kung parating nakatambak o nakakalat ang basura rito?

4. Anong mga pangyayaring pangkapaligiran ang nararanasan natin ngayon na maaring dulot din ng maling pagtatapon ng basura?

5. Kung ang bawat tao ay patuloy na walng disiplina sa pagtatapon ng basura,ano kaya ang magiging epekto nito sa ating bayan at maging sa buong daigdig.



# Suriin

Sa bahaging ito, mas mapailalim ang iyong pag-unawa sa kahalagahan ng pagtulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran sa pamamagitan ng mga sumusunod na gawain.

1. Tingnan ang larawan ng tatlong kahon. BAsahin ang nakasulat sa labas ng mga kahon.

2. Bisitahin ang inyong basurahan. May nakita ka bang mga basura?
   Pag-isipan kung saang kahon dapat itapon ang mga basura na iyong nakikita.

3. Pagkatapos isagawa ang Gawain 1, sagutin ang mga tanong:

a. Anong klase ng basura ang itinapon ng iyong mg kasambahay mo sa mga kahon na may tatak na nabubulok at hindi nabubulok?

b. Tama ba ang kahon na kanilang pinagtapunan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

c. Bago itinapon ang basura sa mga kahon,ano amg iyong inisip at isinaalang–alang?

d. Ano naman ang iyong gagawin kung Makita mo ang iyong kaibigan o kamag-anak na sama-samang itinapon ang mga plastic,lata,bote,at mga *food wastes* tulad ng panis na pagkain sa isang lalagyan lamang?

e. Sa paanong paraan mo ipakikita na talagang alam mo ang batas ng tamang pagtatapon ng basura?



# Pagyamanin

## Pagtatasa 1

1. Pagnilayan ang iba't- ibang paraan ng pagtatapon ng basura sa inyong tahanan,paaralan,barangay o pamayanan.
2. Iguhit sa kaliwang bahagi ng isang malinis na papel ang totoong sitwasyon na nangyayari.

   Isulat naman sa kanang bahagi ang iyong suhestiyon o dapat gawin.

| Mga Totoong Sitwasyon ng Paraan ng Pagtatapon ng Basura sa… | Tamang Paraan o Hindi tamang Paraan | Dapat Gawin |
|---|---|---|
| 1. Tahanan | | |
| 2. Paaralan | | |
| 3. Pamayanan | | |

Sagutin ang sumusunod:

1. Suriin ang mga larawan. Anong paraan ng pagtatapon ng basura ang ipinakita sa mga naiguhit na larawan?

2. Anong klaseng pag-uugali ng tao ang ipinakikita sa mga sitwasyon?

3. Kung ikaw ay magkakaroon ng pagkakataon na makapunta sa ibang lugar o bansa na may batas sa tamng pagtatapon ng basura,susunod kaba? Ipaliwanag ang iyong sagot.

4. Magtala ng iyong maitutulong para maitama ang maling pagtatapon ng basura sa inyong tahanan,paaralan,at komunidad.

## Pagtatasa 2

1. Bumuo ng isang plano na makakatulong upang maiwasan ang maling pagtapon ng basura sa bansa,pamayanan o barangay,paaralan at tahanan.

2. Iguhit ang nabuong plano.

3. Gumawa ng isang maliit na modelo (miniature) tungkol dito. Maaring gumamit ng mga local na materyales o mga patapong bagay para sa gagawing modelo.



# Isaisip

**Panuto:** Gumawa ng isang slogan tungkol sa "pagdisiplina sa pagtatapon ng basura tungo sa maunlad na tahanan,pamayanan o bansa". Isulat ito sa iyong sagutang papel.

**Rubriks sa Pagmamarka ng Islogan**

| | NAPAKAHUSAY | MAHUSAY | KATAMTAMAN | KAILANGAN NG PAGSASANAY | ISKOR |
|---|---|---|---|---|---|
| NILALAMAN | Ang mensahi ay mabisang naipakita. 6 | Bahagyang naipakita ang mensahe. 5 | Medyo magulo ang mensahe. 4 | Walang mensahing naipakita. 3 | |
| PAGKAMALIKHAIN | Napakaganda at napakalinaw ang pagkakasulat ng mga titik. 4 | Maganda at malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. 3 | Maganda ngunit di gaanong malinaw ang pagkasulat ng mga titik. 2 | Di maganda at malabo ang pagkakasulat ng mga titik . 1 | |
| KAUGNAYAN SA TEMA | May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan. 6 | Bahagyang may kaugnayan sa paksa ang slogan. 5 | Kaunti lang ang kaugnayan ng islogan sa paksa. 4 | Walang kaugnayan sa paksa ang islogan 3 | |
| KALINISAN AT KAAYUSAN | Malinis na malinis ang pagkakabuo. 4 | Malinis ang pagkakabuo. 3 | Malinis ang pagkakabuo. 2 | Marumi ang pagkakabuo. 1 | |
| | | | | KABUUAN NG ISKOR | |



# Isagawa

**Panuto:** Magbigay ng dalawang karanasan na nagpapatunay na ikaw ay nagpapakita ng disiplina sa pagsegragasyon o pagtapon sa tamang lagayan ng mga basurang nabubulok at di nabubulok.

| **Karanasan** | **Mga ginawa na nagpapakita ng disiplina sa pagtapon sa tamang lagayan** |
|---|---|
| ________________________ | ____________________________________________________ |
| ________________________ | ____________________________________________________ |



# Tayahin

**A. Panuto:** Iguhit ang Masayang Mukha (☺) sa patlang kung ito ay paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan ng kapaligiran at Malungkot na Mukha (☹) naman kung hindi.

1. Itinatapon ko ang aming basura sa tabing-ilog kung gabi. _______
2. Ang basura sa aming tahanan ay pinagbubuklod-buklod namin para magamit pang muli ang mga ito. _________
3. Nililinis namin ang mga basyong lata ng gatas upang taniman ng mga halaman._____
4. Pinagsasabihan ko ang aking mga kapatid na itapon sa tamang tapunan ang mga basurang papel. __________
5. Hindi ako nakikiisa sa mga kampanya para marecycle ang mga patapong bagay. ___

**B. Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Nangangamoy na ang inyong mga basura ngunit hindi mo pa ito mailalabas kundi sa mismong araw ng paghahakot ng basurang nabubulok, ayon sa ordinansa ng inyong barangay. Ano ang gagawin mo?
   a. Ilalagay ko sa bakuran ng aming kapitbahay.
   b. Ilalabas ko na ang basura kahit hindi pa araw ng kolekta dahil nanganagmoy na.
   c. Ibabaon ko sa lupa upang maging pataba.
   d. Ipaaanod ko na lang sa ilog para wala nang basurahang mangamoy.
2. Habang nasa sasakyan ay ngumunguya ka ng bubblegum. Nang malasahan mo ay matabang na ito. Ano ang gagawin mo?
   a. Itapon sa bintana ang kainakaing bubble gum.
   b. Ididikit sa ilalim ng upuan ang bubble gum.
   c. Ilululon na lang ang bubblegum.
   d. Itatapon sa basurahan ang bubble gum na nasa loob ng sasakyan.
3. Kumakain kayo ng Sorbetes habang naglalakad sa tabi ng kalsada. Pagkatapos ninyong kumain ay hinahanap ninyu ang basurahan para itapon ang mga stick na inyong ginamit ngunit wala kayong makitang basurahan. Ano ang gagawin mo?
   a. Gagayahin ang kasama sa pagtapon sa tabi-tabi.
   b. Sasawayin ang kasama at sasabihing itapon sa basurahan ang stick na ginamit.
   c. Kakainin mo na lang ang stick para wala ka ng basura.
   d. Ibibigay sa kasama ang stick para siya na lang din ang magtapon sa tabi-tabi.
4. Nagmamadali kang umuwi dahil may dadaluhan kang birthday party ng iyong pinsan. Paglabas mo ng silid-aralan, nakita mong umaapaw ang basura sa labas. Ikaw nalang ang tao dahil nauna nang umuwi ang iyong mga kaklasi. Ano ang gagawin mo?
   a. Pababayaan ang basura dahil baka mahuli ka sa birthday party na iyong dadaluhan.
   b. Mabilisan mong aayusin ang mga basura sa sako bago umuwi.
   c. Magkukunwaring hindi nakita ang umaapaw na basura sa sako.
   d. Magkikibit – balikat dahil hindi naman ikaw ang tagalinis sa araw na iyon.
5. Nagkalat ang mga basura sa pasilyo at iba pang lugar sa iyong paaralan. Ano ang gagawin mo?
   a. Hindi ko papansinin ang mga nagkalat na mga basura.
   b. Itatabi ko sa gilid ang mga basura.
   c. Pupulutin ko ang mga basura at ilagay sa tamang lagayan.
   d. Basta-basta ko nalang iwan ang mga basura.



# Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

| A. | B. |
|---|---|
| 1. ☹ | 1. c |
| 2. ☺ | 2. d |
| 3. ☺ | 3. b |
| 4. ☺ | 4. b |
| 5. ☹ | 5. c |

***Sanggunian***:


- Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao*,Batayang Aklat,148-154



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: ARGIE O. REDOBLE**
Teacher III, Upper Sibatang Elementary School
District 13, Division of Pagadian City
**Editors/QA: JUANITO N. CANTILA JR., EdD**
OIC – PSDS, District 14
**Tagasuri:**
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:**
**Tagapamahala:**
**DANNY B. CORDOVA, EdD, CESO VI**
OIC Schools Division Superintendent
**MARIA COLLEEN L. EMORICHA, EdD, CESE**
OIC-Assistant Schools Division Superintendent
**MARIA DIOSA Z. PERALTA**
CID, CHIEF
**MA. MADELENE P. MITUDA, EdD**
EPS-LRMDS
**JOVITA S. DUGENIA**
EPS-EsP

### Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom Here
the breezes gently Blow, Here the
birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace Here
the Tausogs thrive so free With the
Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset Are
visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see A
poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear A
nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.